Filipino Reviewer

Sa Lupain ni Magayon

- Unang araw ng klase, sabik ngunit may kaba sa pagbabalik sa paaralan matapos ang bakasyon.
- Nalaman ang seksiyon at klasrum sa pamamagitan ng paghahanap sa listahan.
- Takdang-aralin sa Filipino ay tungkol sa pagdiriwang o kapistahan sa Pilipinas.
- Pinraktis ang pagbati sa Bikolano, "Marhay na banggi," bago pumunta sa Bikol kasama si Jake.
- Mahabang biyahe patungong Bikol, nag-enjoy sa paglalakbay kasama ang kaibigan.
- Pagdating sa Bikol, mainit ang pagtanggap ng pamilya ni Jake.
- Sa Albay, humanga sa tanawin ng Bundok ng Mayon at naranasan ang isang masigabong pagdiriwang.
- Habang nagpapahinga sa ilalim ng puno, naranasan ang isang kakaibang panaginip na may diwata na nagkukuwento tungkol sa isang labanan.
- Nagising mula sa panaginip at nalaman na isang panaginip lamang ang lahat.
- Sa klase, napag-alaman na tinatanong siya ni Ginang Samonte tungkol sa pagdiriwang na iuulat, nagdulot ng pagka-gulat dahil sa mga pangyayari sa kanyang panaginip.

Salawikain at Sawikain

Salawikain

- Isang karunungang-bayang minana natin sa ating mga ninuno. Nasa anyong patula, matalinghaga, at nagbibigay-aral.
- Ito ay mga butil ng karuningang nagsilibing batas at gabay ng mga sinaunang tao sa pagtutuwid ng sarili, ng kagandahang-asal, at ng mabuting pakikipagkapuwa-tao.

- **Examples:**
    a. Ang bayaning nasusugatan, nag-iibaya ang tapang.
    b. Ang puri at dangal, mahalaga kaysa buhay.
    c. Aanhin ang bahay na bato kung ang nakatira ay kuwago?

Sawikain:

- Idyoma ay isang uri ng eupemistikong pahayag na gumagamit ng talinghaga.
- Kalipunan ito ng mga salitang hindi tuwiranmg naglalahad ng kahulugan.

- **Halimbawa:**
    a. **Bumaha ng dugo** – Maraming namatay tulad kung may digmaan.
    b. **Mahahaba ang mga paa** – Dumating sa eksaktong oras ng pagkain.
    c. **Magsunog ng kilay** – Mag-aral nang mabuti.

Paghahambing na Magkatulad:

- Isang paraan ng paglalarawan ng dalawang paksang pinag-uusapan.
- Kabilang ito sa ikalawang kaantasan ng pang-uri.
- Maari itong maghambing ng pagkakatulad o pagkakaiba ng mga katangianng dalawang tao, bagay, ideya, o pangyayari.

- **Paghambing na Magkatulad** – Naglalahad ng patas o pantay na katangiang taglay ng dalawang paksang pinag-uusapan. Ginagamit ang mga panlaping kasing-, sing-, magsing-, magkasing-, o kaya ay mga salitang gaya, tulad, paris (Olympics), kapuwa, at pareho.

- **Halimbawa**:
    a. **Magkasinsaya** ang magkaibigan habang sila ay namamasyal.
    b. Si Ron, **gaya ni Jake** ay mahusay na manlalaro.
    c. **Parehong** magalang ang magkaibigan kaya magkasundo sila.

Kaalamang Pampanitikan

Bulong:

- Ito ay mga pahayag o orasyong sinasambit ng mga katutubong Pilipino upang magbigay-galang, humingi ng paumanhin, magpasalamat, at humiling ng mga bagay o pangyayaring nais nilang matupad.
- Halimbawa:
    a. "Inkong, Inkong makikiraan po."
    b. "Espiritu ng puno, dahoon maghihingi po. Gagawing lunas sa lagnat ng anak ko."

Bugtong:

- Ito ay libangang nasa anyong patula at nangangailangan ng talas ng isip upang masagot.
- Karaniwang pinahuhulaan ang mg bagay-bagay sa paligid na inilalarawan sa matalinhagang salita.
- Halimbawa:
    a. Matanda na ang nuno hindi pa naliligo. (Sagot: Pusa)
    b. Koronang hindi masugpo, kabilang buhay ang katagpo. (Sagot: COVID-19)
    c. Pagdikitin mo nang mariin, lalabas agad ang ngipin. (Sagot: Stapler)

Palaisipan:

- Isa rin itong libangang sumusubok sa mahusay na pag-iisip at imahinasyon.
- Ang palaisipan ay nasa anyong tuluyan o pasalaysay at nagangailagan din ng kasagutan.
- Example:
    a. Ano ang makikita sa gitna ng dagat? (Sagot: G)
    b. May mga buwang may 31 araw at mayroon ding may 30 na araw. Ilan ang may 28 na araw? (Sagot: Lahat ng buwan ay may 28 na araw.)

Awiting Bayan:

- Ito ay isang tulang inaawit at tinatawag ding kantahing-bayan.
- Nagpapahayag ng damdamin, kaisipan, at karanasan ng ating lahi.
- Inilalarawan nito ang karaniwang pamumuhay ng ating mga ninuno.
- Halimbawa:
    a. Bahay-kubo
    b. Dandansoy
- **Uri ng Awiting Bayan:**
    a. **Kundiman** – Awit ng pag-ibig.
    b. **Soliranin** – Awit ng manggagawa.
    c. **Talindaw** – Awit ng pamamangka.
    d. **Oyayi** – Awit sa pagpatulog ng baya.

Paghahambing na Di-Magkatulad

- Ang paghahambing ay isang paraan ng paglalarawan ng tao, bagay, lugar, hayop, ideya, o pangyayari ay isang paraan ng paglalarawan ng tao, bagay, lugar, hayop, ideaya, o pangyayari. Tatalakanuin sa bahaging ito ang mga hudyat ng paglalarawan kapag may pagkakaiba ang dalawang inihahambing.

Pasahol:

- Ginagamit ito kung ang isa sa pinaghahambing ay may mas maliit o may mas mababang antas ng katangian. Maaring gamitinang mga salitang: *di-gaano, di-totoo, di-lubha, o di-gasino.*
- Halimbawa:
    a. Di-gaanong malayo ang lalawigan ni Louis kompara sa amin.
    b. Di-gasinong mabait si Anton tulad ni Louie.

Palamang:

- Ginagamit ito kung ang isa sa pinaghahambing ay may katangian mas mataas o higit na antas. Maaring gamitin ang mga salitang: higit, lalo, mas, labis, at di-hamak.
- Halimbawa:
    a. Higit na mabuting pangalagaan ng kapaligran kaysa ibenta sa mega negosyante.
    b. Di-hamak na tahimik at simple ang buhay sa probinsiya kaysa sa siyudad.